UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY

MAR 31 1958

Magasin ng BAGONG Buhay

MARSO 30, 1957



PAGLAPIT SA DIYOS...

Pahina 5



Sa paligid ng mga simbahan ay naglipana ang nagtitinda ng palaspas kung Domingo de Ramos. Ito'y nagbibigay ng maganda at masayang tanawin sa kabila ng pagpasok ng malungkot na Mahal na Araw...

Halos maggitgitan sa harapan ng altar ang maraming tao upang mapabenditahan ang kanilang mga palaspas na ayon sa paniniwala ng marami ay "mabisang panlaban" sa kidlat, bagyo, sunog, at lindol.

# pala

ANG PALASPAS ay isang tampok na tanawin kung ganitong Domingo de Ramos. Sa mga patyo ng simbahan ay naglipana ang nagtitinda ng palaspas. Halos agawan ang mga tao, karamiha'y bata, sa pagbili nito upang pabenditahan at maiuwi sa kani-kanilang tahanan.

May banal na kasaysayang sinasagisag ang palaspas: ang pagpasok ni Hesus sa siyudad ng Herusalem. Pinatutunayan ng palaspas ang di kumukupas na pananalig ng mga katoliko sa panampalataya sa Diyos na nagkatawang-tao.

Naniniwala ang marami na ang benditadong palaspas ay isa ring "san-

**Ang "Domingo de Ramos" ay simula ng pagpasok ng Mahal na Araw nguni't may idinudulot na masayang tanawin dahil sa mga palaspas . . .**



Ang palaspas ay pinagkakakitaan ng maraming walang hanapbuhay tuwing sasapit ang araw na ito, kaya, kahit minsan sa isang taon ay nakatutulong din naman sa mahihirap na walang sukat pagkakitaan.




# spas

data" laban sa mga salot, sakuna at karamdaman, kaya ito'y maingat na itinatago sa mga tahanan. May isa pang mahalagang papel na tinutupad ang palaspas, kahit minsan lamang sa isang taon: pinagkakakitaan ng mga walang sukat pagkunan ng ikabubuhay!

Higit sa lahat, ang palaspas ay nagiging isang "lakas" na humahatak sa marami upang magsimba sa araw na ito. Sapagka't ang maririkit at napalalamutihang mga palaspas ay nagsisilbing isang masayang tanawin sa loob at sa paligid ng mga simbahan. Natutuwa rin ang mga batang magdala nito sa pagtungo sa simbahan at sa paglalakad na pauwi sa tahanan..



**GOOD TASTE BEGINS EARLY**—Modern young people appreciate the distinctive quality of Coca-Cola. Its brilliant flavor sets a gay, sophisticated mood for any party. Good-tasting and in such good taste—serve sparkling Coca-Cola in your home!

DRINK Coca-Cola

SIGN OF GOOD TASTE

AUTHORIZED BOTTLER SAN MIGUEL BREWERY

# Pagpapakasakit...


**Ang pagpepenitensiya o ang pagpapahirap sa katawan kung Biyernes Santo ay isa nang panata ng marami. Naniniwala silang sa paraang ito'y "nahuhugasan ang kasalanan"**





Ang nasa itaas ay mga taong nagpepenitensiya sa Malabon kung Biyernes Santo. May takip ang mga mukha at sugat-sugat na ang mga likod na likha ng palo ng mga patpat at yantok, maliligayang tinutupad nila ang kanilang panata sa paniniwalang sa pamamagitan ng pagpapakasakit nilang ito ay nalalapit sila sa Diyos. Sa kanan ay isa pang lalaki ang nagpepenitensiya. Nakahanda siyang papalo sa kapuwa sa gitna ng lansangan, tulad ng ginawa ng mga Hudyo kay Hesus. Makikita naman sa ibaba ang isa pang mabigat na pagpapakasakit ng tumutupad ng papel na "Kristo" sa taunang pagtatanghal sa Paumbong, Bulakan ng mga pinagdaanang hirap at sakit ni Hesus. Ginaganap sa gitna ng lansangan, ito'y pinagdarayo ng maraming tao buhat sa ibang pook.







# PAGLAPIT SA DIYOS...

Sa pahinang ito, gayundin sa pabalat, naipakikita ang pagkilala ng tao sa kabanalan ng Mahal na Araw. Sa pamamagitan ng pagpasok sa simbahan, pagsisindi ng kandila at pananalangin nang taimtim ay nakadarama siya ng pagkalapit sa Dakilang Lumikha sa sandaling iwan niya ang simbahan. Ang mga tagpong iya'y ipinakikita ng dalagang buhat sa Lunsod ng Pasay: si *Annamarie bustamante.*








**Laging Itinatangi ng mga Panauhin**

Kapuri-puring idulot, kasiya-siyang inumin. Sasang-ayon ang inyong mga panauhin, kapag nagdulot kayo ng pinalamig na Serbesang San Miguel—ito'y nagpapakilala ng inyong pihikang panlasa at ng inyong kagandahang-loob!

GAWA AT ISINABOTELYA NG San Miguel Brewery

# GRADWASYON



NAGSIPAGTAPOS na naman ang maraming mag-aaral. Sa iba't ibang paaralan sa mga lunsod at lalawigan ay nagsidagsa ang makapal na tao. Ang bawa't isa'y may pagmamalaking sumaksi sa pagtanggap ng diploma ng kanyang anak... naghandog ng mga bulaklak ...nag-alay ng pagbati... nakilugod sa mapalad na araw ng isang kaibigan, kamag-anak o kakilalang nagtapos ng pag-aaral.

May ngiti ng kaligayahan ang mga nagsipagtapos. Gumanti ng pasasalamat sa mga kinauukulan... namaalam sa kanilang mga kaeskuwela at mga guro na nagpabaon naman ng mga paalaala, ng mga payo at tagubiling kapakipakinabang...

Higit kaninuman, ang lalong nakadama ng kahalagahan ng araw ng gradwasyon ay ang mga nagtapos at ang kani-kanilang mga magulang. Sa wakas, pagkalipas ng mahabang panahong pagsasakit ay natamo rin nila ang "bunga" ng kanilang mga pagpapagod. Naitaguyod na rin nila ang isa sa lalong mahahalagang gampanin nila sa buhay.

Nguni't... sa pagtatapos na ito ng maraming mag-aaral, hindi matututulang lalo lamang bumigat ang isang suliranin ng pamahalaan at ng mga mamamayan: ang kawalan ng hanap-buhay ng maraming may angkin din namang karunungan!

**Si Melita de Leon, bituin ng Premiere, sa kasuotan ng isang mapalad na nagtapos ng pag-aaral.**

**ANG GRADWASYON SA PHILIPPINE WOMEN'S UNIVERSITY NOONG IKA-21 NG KASALUKUYANG BUWAN...**



# SA KAARAWAN NG "SISNE" NG PANGINAY...

NALALAPIT na naman ang kaarawan ni Francisco (Balagtas) Baltazar. Ang Kapilipinuhan ay minsan pang magdiriwang sa kanyang karangalan at magbubunsod ng mga hakbanging isinasagawa na at isasagawa pa sa kapakanan naman ng Wikang Pilipino. Humigit-kumulang ay ganito ang magiging paksa ng mga pagdiriwang: ang kadakilaan ni Balagtas na nagpadakila sa ating wika... at sa pagdakila sa kanya ay minsan pang mapag-uukulan natin ng pagmamahal ang Wikang Tagalog.

Sa loob ng maraming taon ay nagpupugay tayo kay Balagtas nguni't nakapag-aalinlangang nagpupugay rin tayo sa ating wika. At ang pag-aalinlangang ito'y bunsod lamang ng isang katanungan: Sa sarili nating bayan, gaano natin maiaagapay ang Tagalog sa wikang Inggles kung pagtangkilik at pagpapahalaga ang pagbabatayan? Kami, sa aming sarili'y hindi rin makatiyak na masasagot namin iyan nang hindi "masasaktan" ang ating Inang Wika. Lantad at hindi na kailangang isa-isahin pa ang *kanyang* mga kaapihan. At iyan ang katotohanan pagkaraan ng marami nang taong pagdiriwang sa kaarawan ng Dakilang Sisne, at ng iba pang mga bayaning nagmahal sa ating wika.

Subali't sa kabila ng lahat, maaari pa ring sabihing iyan ay hindi nangangahulugan ng lubusang pag-api natin sa ating wika. Maaaring atas lamang ng kasalukuyang kalagayan sa pagkikipag-ugnayan natin sa ibang bansa at sa pagtuklas natin ng mga karunungan. Hindi maikakailang ang kunlaran ng bansang Pilipino ay may malaking kaugnayan sa ibang wika o sa wikang Inggles. At iyan ang nagiging malaking sanhi ng kaapihan ng ating sariling wika.

Gayunman, dapat nang mabigyang-wakas ang lahat. Napapanahon na upang itampok natin ang wikang minahal at dinakila ni Balagtas upang maitampok din naman ng mga Pilipino ang kanilang sarili sa paningin ng daigdig. At iyan ay maisasagawa natin sa iba-ibang hakbang at kaparaanan, kung siyang nanaisin. Sa ganyan lamang magiging karapatdapat sa Sisne ng Panginay ang inuukol nating pagdiriwang sa kanyang kaarawan... —GF

*Sa larawan sa ibaba ay makikita ang mga batang nagsisipag-alay ng mga bulaklak sa isang bantayog ni Balagtas. Ito'y isang tanda ng pagmamahal ng ating mga kabataan sa wikang sinuso ng kanilang mga ninuno. Nguni't hindi kaya hahanggang diyan lamang maipakikilala ng ating kabataan ang pagmamahal sa wikang Pilipino? Aywan... panahon lamang ang makapagsasabi.*



# BALAGTAS

"Kung saka-sakaling sa mga anak ko'y mayroong sumupling
Na diwang makata; hilig ay magsulat ng kanyang damdamin,
Mahal kong kabiyak, tandaan mo sana huli kong habilin
Bawalan mo siya't ang mga daliri ay agad putulin."

Sa huli n'yang pati ay napapaloob yaong kapaitan
Na kanyang dinanas sa daang madawag na kanyang nilinang;
Ang isang Balagtas na naging makatang wala pang kapantay,
Bakit kaya gayon, tila may hinampo sa sungit ng buhay?

Florante at Laurang naging bungang hinog ng kanyang panulat,
Isang kasaysayang hinaing ng pusong bigo sa pagliyag...
Dito ang kahar'yan ng mga masakim ay kanyang winasak
Sa dulo ng pluma, sa gintong adhika'y ginawang kalasag.

Marikit na tulang puno ng pag-ibig at hiyas ng wika
Ang ating aliwan kung tayo'y may lungkot at lunod sa luha...
Mga gintong aral na bunga ng kanyang matayog na diwa
Ay binhing panghasik sa murang isipan ng maraming bata...

Sinisisi niya ang tamad magturo na mga magulang
Kung ang mga anak ay maging masama't maligaw sa daan;
Pag-ibig sa bunso'y hindi ang malabis na pagpapalayaw
Kundi ang matuwid at wastong paghubog sa magandang asal!

Ang isang Balagtas ang naging kadluan ng mga mithiin
Ng mga bayaning nagbubo ng dugo sa gabing madilim...
Florante at Laurang batbat ng hiwaga'y nagbigay ng ningning
At siyang sagisag ng tinatamasang kalayaan natin...!

Siya ay nabuhay, umibig, namatay sa bayan ng sakit
At ang diwa niya'y iniwan sa atin sa tamis ng awit;
Siya ang Ama ng sariling wikang ating dinadalit
At isang bayaning may sariling pugad sa ating pag-ibig.


Ngayong naglalakbay sa lahat ng pook ang sariling wika,
Tinalunton natin ang mga lansangan na kanyang ginala...
Doon sa Bigaa at saka Pandakan mayroon nang tanda
Ang mariing yapak ng ating bayani na dinadakila...


Lahat ng bulaklak, mga tula't awit ay kulang na handog
Sa alaala n'yang tinitipon natin nang buong pag-irog.
Sa bayan ng Udyong na pugad ng kanyang ligaya't himutok;
Alay ng Bataan, sa kanyang gunita ay isang bantayog!

Sisikat, lulubog ang maraming araw, ang gabi'y tatakas
Kasama ang dilim at ang kahalili'y maningning na bukas,
Ang wikang dayuhan at ugaling hiram, hahantong sa wakas
At magtatagumpay, diwang makabansa't wika ni Balagtas....


—N. BAENS DEL ROSARIO

# NAIIBIGANG PALAMUTI










HINDI NA magiging suliranin pa ng mga maybahay ang pag-aalaga ng mga halaman o ang madalas na pagpapalit ng tubig sa mga plorera kung susubuking ipalit ang ganitong uri ng palamuti. Wala kayong kailangang ihanda sa paggawa nito kundi ang katamtamang laki ng mga sanga, pandikit at **bubble balls,** o kaya'y mais o hilaw na gisantes. May dalawang paraan ng pagdidikit ng mga bilug-bilog na bagay sa pinakinis na sanga: ang pagpapahid ng kola sa sanga, at pagkatapos ay ang isa-isang paghahanay ng mga bola; dili kaya'y ang paglalagay sa supot na kasama ang sangang may kola saka kalugin. Kusa nang kakapit at magkakapatung-patong ang mga bilug-bilog na palamuti. Nasasa inyo na ang pagpapasiya...

# mga PAGKAIN NATIN



## sa atin-atin lamang

ni Regina Velez

(Standard Brands of tho Philippines, Inc.)

Sa inyong hardin lalong mainam na idaos ang biglaang salu-salo para sa inyong mga anak at sa kanilang mga kamag-aaral matapos manggaling sa kanilang mga klase. Masdan ang pagniningning ng kanilang mga mata kung *RAISIN BREAD* ang inyong ihahain sa kanila. Tiyak na maiibigan nila ang lasang-prutas nito. Ang ganitong uri ng tinapay ay nakapagbibigay ng lakas. Subuking lutuin ang madaling resiping ito:

*Mga sangkap:*

| | |
|---|---|
| 1 tasang gatas | 1 tasang pasas |
| 4 na kutsarang asukal | 3½ tasang arina |
| 2½ kutsaritang Fleischmann's Dry Yeast | 4 na kutsarang mantikilya |
| ¼ tasang tubig | 2 kutsaritang asin |

*Paraan ng pagluluto:*

Iinit ang gatas at ihalo ang mantikilya, asukal at ang asin. Palamigin ito. Tunawin ang *yeast* sa maligamgam na tubig. Idagdag ang gatas at ang mga sangkap niyon. Unti-unting ihalo ang arina at haluing mabuti. Isama ang pasas. Lamasin ang mga masa hanggang sa kuminis. Ilagay sa malaking tasang pinahiran ng mantika. Itabi hanggang sa umalsa ang masa sa loob ng dalawang oras. Kung maging doble na ang laki ilagay sa *baking pan* at paaisahing muli. Iluto sa katamtamang init ng hurno (350°) nang mga 50 minuto.

## Pang-Mahal Na Araw

Ang mga lutong ito ang nababagay ihain sa inyong mag-anak ngayong Mahal na Araw. Huwag kayong mag-atubili sa pagluluto ng mga ito sapagka't ang mga ganitong luto ay masustansiya at masarap. Bukod sa roo'y mura pa at madaling lutuin ang mga resiping ito.

## Ginataang Munggo

**(Buhat sa Coconut Recipes ng PHILCOA)**

**Mga sangkap:**

| | |
|---|---|
| 1 puso ng saging | 1 tasang gata (malapot) |
| 2 tasang munggo | |

**Paraan ng pagluluto:**

Palambutin ang munggo sa 4 na tasang tubig. Kapag malambot na ang munggo, isama ang tinadtad na puso ng saging. Kailangang lamasing mabuti ng asin ang puso nang maalis ang dagta. Bago hanguin (mga 5 minuto) isama ang gata sa munggo't puso ng saging.

## Beans Na May Gulay At Gata

**Buhat sa Star Recipes ng CALTEX (PHIL.) INC.**

**Mga sangkap:**

| | |
|---|---|
| 3 tasang tubig | 1 tasang malapot na gata |
| ¼ tasang tuyong dilis | 1 tasang malinaw na gata |
| kapirasong luya | 1 siling pula (hiwain nang pahaba) |
| 1 kutsarang bagoong | asin at paminta |
| 1 tasang talbos ng kangkong | |
| 1 tasang tuyong itim na beans | |

**Paraan ng pagluluto:**

Pakuluin ang tubig saka isalin doon ang beans. Patagalin ang pagpapakulo nang dalawang minuto. Itabi ng mga isang oras. Pagkatapos ay ihalo ang malinaw na gata, dilis at luya. Pakuluing muli hanggang sa lumambot ang beans. Isunod ang malapot na gata saka timplahan ng asin at paminta. Kapag kumukulo na, ihalo ang kangkong at sile, takpan at patagalin sa apoy nang mga limang minuto pa.

## Malunggay At Tokwa

**ni Adelaida Santos**

**Mga sangkap:**

| | |
|---|---|
| 2 tasang dahong malunggay | ¼ tasang tokwa (kudra-kudrado at ipirito) |
| 1 sibuyas (ginayat) | 2 kutsarang toyo |
| 2 kutsarang mantika | 1 ulong bawang |
| 1 kutsarang arina | asin |

**Paraan ng pagluluto:**

Igisa sa mantika ang bawang, sibuyas at piniritong tokwa. Pagkaraan ng ilang sandali, lagyan ng dalawang tasang tubig. Halu-haluin hanggang sa kumulo ang nakasalang. Pagkatapos ay isama ang toyo at dahong malunggay. Tunawin ang kaunting gawgaw sa tubig saka ihalo sa niluluto. Pakuluin pang minsan saka hanguin.

## Piniritong Okra

**ni Adelaida Santos**

**Mga sangkap:**

| | |
|---|---|
| Murang okra | 2 itlog ng manok |
| asin | pulbo ng tinapay |

**Paraan ng paghahanda:**

Hugasan ang okra saka hatiin nang maalis ang tubig sa loob. Hiwain nang pahati (mga 1 dali). Magbati ng dalawang itlog saka timplahan ng asin. Igulong ang okra saka ilubog sa pulbos ng tinapay. Iprito sa mainit na mainit na mantika [illegible]. Ihaing may kasabing tomato sauce o kaya'y katsup.

# *Moda*





*SACK, PENCIL CUT* AT MALULUWANG NA MGA RESTIDO ANG NAKAGUHIT SA PITAK NA ITO. ANUMANG TABAS ANG NAIS NINYO AT INAAKALANG BAGAY SA INYONG KATAWAN AY SIYANG PARISAN. MAARI RING MGA *PRINTED* NA TELA ANG GAMITIN SA HALIP NA LISO.







# Bestidong Pandalaga

Kapuwa may kumbinasyong liso ang dalawang *printed* na bestidong nasa gawing itaas. Nagtataglay ng mga simpleng pang-itaas at maluluwang na mga palda. Samantalang sa ibaba naman ay isang kasuotang naguguhitan ng pinung-pino, may bolero at pinalamutihan ng *rick-rack*. Ang ganitong mga tabas ay nababagay sa mga dalaga.

# ILANG PAYO



*ALMUSAL*: May panauhin man o wala, kailangang maging maingat ang mga maybahay sa pag-aayos ng iba't ibang kasangkapan sa hapag-kainan. Ang wastong paraan ng paghahain ng almusal sa inyong mag-anak ay siyang inilalarawan sa gawing kanan.



Naito ang paraan upang mapanatiling bago at maganda ang mga burdadong linen pagkatapos ninyong labhan. Tiyaking makapal ang sapin ng kabayo o ng plantsahan o di kaya nama'y ipansapin ang isang makapal na tuwalya. Upang maiwasan ang pagkasabit ng dulo ng plantsa sa burda. puntas o ano mang palamuti. takpan ng malinis at puting papel ang bahaging lalapatan ng plantsa. (Tingnan ang larawan)

# PALADAING KA BA?

Ang madalas na pagdaing ay tanda lamang ng labis na pagkahabag sa sarili. Kung ang ganito'y siyang uugaliin, darating ang panahong magiging isang sakit mo na ang ganito.

Mainam na mabuksan ang pagiisip mo sa katotohanang ang madalas na pagdaing ay ginagawa lamang ng mga taong *walang kayang isakatuparan ang ilang mga bagay sa pamamagitan ng gawa* kaya nilulutas na lamang nila ang gayon sa pamamagitan ng salita. Subali't walang ibinubungang mabuti ang ganito.

Upang matiyak na kayo'y hindi mapapabilang sa mga *paladaing*, sagutin ang mga sumusunod na katanungan, at bilangin ang lahat ng kasagutang *oo*...

1. Madalas ka bang dumaing ukol sa pangangailangan ng salapi?
2. Idinaraing mo ba ang iyong mga suliranin at mga kabiguan?
3. Parati mo bang idinaraing ang iyong mga kapaguran, ang pagkakaroon mo ng nerbivos o ang pagkahapong madalas?
4. Nararamdaman mo bang tila walang nagpapahalaga at natutuwa sa iyong mga ginagawa?
5. Madalas mo bang sinasabi sa iba ang pag-aping ginagawa sa iyo ng mga nakatataas?
6. Malabis ba ang iyong pagtanggi sa mga bagay na nangangailangan ng matagal na panahon, pagod at malaking salapi upang maayos?
7. Mayroon ka bang kinaiinisan na siya mong madalas na iniiwasan?
8. Mapanuri ka ba sa mga bagay na sinasabi at ginagawa ng iyong mga kasambahay?
9. Madalas ka bang naliligalig at nagsasalita nang labis ukol sa masamang paglilingkod at ang kakulangan sa paggalang ng mga taong nanunungkulan sa bayan, gayundin sa halaga ng mabubuti at masasamang kalakal?
10. Kapag namamali o masama ang kinalalabasan ng mga bagay-bagay, sinisisi mo ba ang iba?


Mga katumbas ng sagot:

7-10...Isang sakit mo na ang pagdaing. Mag-isip-isip kang mabuti at ipangako sa sariling magbabago.

2-5....May kadalasan ang iyong pagdaing at ito ang dahilan ng pagkakaroon ng kakaunting kaibigan; subali't hindi pa huli upang magbago.

Mababa pa sa dalawa... Marunong kang maglihim lalo na sa mga bagay na pansarili at maingat ka rin sa pagbubunyag ng iyong mga suliranin sa iba. Ayaw mo nang ipabatid pa ang mga gumugulo sa iyong isipan kung mayroon man. — MRM

(Ika-5 Labas)



# BABALIK...

***nina Ben Arguelles at Luciano A. Dominguez***

**Dinamdam ni Luisito ang pagkamatay ng kanyang mga magulang . . . nguni't tila nagwakas ang kanyang kalungkutan sa isang Ramona**

DINATNAN ni Luisitong nag-aagaw-buhay ang ama. iPnahintulutan siya ng doktor na makausap ito. Lumuhod siya sa tabi ng kama ng ama.

—Papa, —mahinang nasambit ni Luisito. Pinipigil niya ang pagpupumiglas ng kanyang damdamin. Nais niyang mapaiyak sa kahambal-hambal na anyo ng ama.

Nagmulat ng mga mata si Don Miguel. Pinilit niyang ngumiti pagkakita kay Luisito. Tinangnan niya sa kamay ang anak at pinisil-pisil iyon.

—Ang **mastermind** na lang daw sa mga pumaslang sa inyo ang nakakalaya, —wika ni Luisito. —Kapag nahuli siya'y ipaghihiganti ko kayo.

—Huwag, Luisito, —may garalgal ang tinig ni Don Miguel. —Diyos na ang bahalang magparusa sa kanya.

—Papa, alam ninyo'y talagang bibigyan ko kayo ng sorpresa sa inyong kaarawan sa makalawa. Ako'y talagang uuwi na sa atin. Patawarin po ninyo ako sa ginawa kong paglayo sa inyo.

—Matagal na kitang pinatawad, Luisito. Batid kong kahit na ano ang gawin ko'y hindi kita masasawata sa iyong hilig. Nasubaybayan ko sa pahayagan ang pagtatagumpay mo sa dulaan.

Hindi umiimik si Luisito. Ang pagkaawa'y ayaw umalis sa kanyang puso habang pinagmamasdan ang amang hirap na hirap sa pagsasalita.

—Natangay ng mga magnanakaw ang kaunti nating salaping naiimpok gayundin ang mga alahas.. Pati bulsa de relos ko'y hindi niya pinatawad. Ang negosyo ko nama'y luging-lugi na. Maiimbargo na iyon ng aking mga pinagkakautangan. Ni wala akong maipamamana sa iyo.

—Wala pong halaga sa akin ang salapi, —turing ni Luisito. —Ang gusto ko po'y gumaling kayo.

—Nararamdaman kong nangangapos na ang aking hininga, Luisito, —nahihirapang pakli ni Don Miguel. —Tulungan mo akong dumalangin.

—Papa, huwag kayong magsasalita nang kung anu-ano, —nangilid ang luha sa mga mata ni Luisito. —Hindi pa kayo mamamatay. Hindi ipahihintulot ng Diyos na mapawalay kayo sa akin.

—Tinatawag ako ng iyong Ina, —nahihibang na wika ni Don Miguel. Itinaas nito ang mga kamay at waring may inaabot. —Carmen, Carmen, hintayin mo ako.

Nagpilit na bumangon si Don Miguel. Pinigilan ni Luisito ang nahihibang na ama. Inihiga niya uli ito sa kama.

—Carmen, hintayin mo ako. Diyos ko! —At ang mga kamay na nakataas ni Don Mgiuel ay tuluyang bumagsak.

Napakagatlabi si Luisito. Napagtiim niya ang mga bagang. Pinahid niya sa pamamagitan ng kamao ang luhang tumatabing sa mga mata. Tinakpan niya ng kumot ang malamig na bangkay ng ama at siya'y lumabas sa silid.

MATAHIMIK na nairaos ang libing ng mga magulang ni Luisito. Hindi nakalimot sa pagdamay sa kanya ang mga kasamahan sa sinehan. Sina Johnny at Nena'y halos hindi umaalis sa tabi ni Luisito hanggang sa tabunan ng lupa ang kabaong ng mga pinakamamahal niya sa buhay.

Nang mag-uuwian na ang lahat, lumapit sa kanya si Mr.. Mendoza.

—Luisito, bibigyan kita ng ilang araw na pamamahinga, —wika ni Mr. Mendoza. —Huwag ka na munang lumabas sa tanghalan nang mga ilang araw..

—Pinasasalamatan ko ang kabutihan ninyo sa akin, Mr. Mendoza, —tugon ni Luisito. —Nguni't pabayaan na ninyong lumabas ako sa dulaan. Nais kong maalis ang aking pangungulila. Kung hindi ako gagawa ng anuman ay baka kung ano ang maisip kong gawin.

—Ikaw ang bahala. Luisito, —tanging nasabi ni Mr. Mendoza at tinapik-tapik sa balikat ang binata.

Naiwang mag-isa sa libingan si Luisito. Tahimik siyang dumalangin para sa katiwasayan ng kaluluwa ng mga magulang.

—Papa, Mama, ipaghihiganti ko kayo, —nausal ni Luisito sa kanyang sarili. —Hindi ako hihinto hangga't hindi nahuhuli ang puno ng mga pumaslang sa inyo.

Tapat sa kanyang sinabi, pagkakatapos ng palabas niya sa tanghala'y madalas na magsadya si Luisito sa himpilan ng pulisya upang makibalita kung nadakip na ang **mastermind** na nakatatakas pa.

—Bayaan ninyo't kung saka-sakaling magkaroon kami ng balita'y madali naming ipababatid sa inyo, Mr. Monteverde, —wika ng sarhento de mesa sa kanya. —Ginagawa pong lahat ng aking mga tauhan ang kanilang magagawa upang madakip kaagad ang mga salarin.

Ginagalugad din ni Luisito ang mga bahay-sanglaan sa pagbabakasakaling matagpuan ang mga hiyas na ninakaw sa kanila. Kung minsa'y nakikiistа-istambay rin siya sa mga lugar na malimit na pamalagian ng mga "maton" sa pagbabakasakaling makapulot ng balita sa mga iyon. Nguni't sa pagdaraan ng mga araw ay wala siyang linaw na nakukuha. Naniniwala siya na balang araw ay matatagpuan din niya ang **mastermind** na ito.

Umalis na si Luisito sa bahay nina Johnny. Namahay na siyang mag-isa sa sariling tahanan. Ang tahanan lamang na iyon at ilang kasangkapan at ang piyano nilang malaki sa salas ang tanging pamanang naiwan sa kanya ng mga magulang.


Nagpatuloy siya sa paglabas sa tanghalan. Kung nasa ibabaw na siya ng tanghala'y pinipilit niya ang sarili na mabigyan ng kasiyahan ang mga manonood kahit siya'y nagdadalamhati sa pagkamatay ng mga magulang. Sa ibabaw ng tanghala'y kinalilimutan niya ang lahat nguni't kung nag-iisa na siya'y saka lumuluha ang kanyang puso sa pangungulila.

Madalas na kung siya'y nagpapamalas ng kahusayan sa pagsasayaw ay matunog na matunog ang palakpak na iniuukol sa kanya ng isang babaing sa pinakaunahan ng palko nakaupo. May kasama itong isang batang babae. Tuwing magpapalit sila ng palabas ay lagi niyang nakikita ang nasabing babae sa palko ng sinehan.

Nagkaroon tuloy siya ng paghahangad na makilala ang tagahanga niyang iyon. Kung sipatin niya buhat sa likod ng telo'y nababanaagan niyang may natatanging kagandahan iyon.

—Johnny, nakikita mo ba ang ba-

(Sundan sa pahina 24)



Sina Romana Pangan at Urbano Macapagal, mga magulang ni Dadong.

## Diosdado Macapagal: Sugo ng Mahihirap

# Sa Bungad Ng Landas

**Sa pagtungo ni Dadong sa San Fernando ay nabuksan sa kanya ang daan tungo sa katuparan ng kanyang mga pangarap, nguni't . . .**

KUMALAT sa buong kahabaan ng Kalye Cucu ang balitang pag-aaral nina Dadong sa San Fernando. Halos ipagtaka ng kanilang mga kapitbahay ang pangyayaring yaon: isang mag-anak na kalimita'y nanghihiram ng mailulugaw ang ngayo'y magpapaaral sa haiskul!

Ang ganyang pag-aalinlangan ay napapawi sa pagkagunita sa pagtatapos ni Dadong sa elementarya bilang **valedictorian.** Iyon ang batang madalas tabihan ng kanilang mga anak sa paaralan. At kung ang batang iyon, naiisip ng mga kapitbahay ni Dadong, ay makapagpapatuloy ng pag-aaral, maipasusuno nila ang kanilang mga anak upang makapag-aral din.

Nang buwang iyon ng Hunyo, 1925, nilisan nina Aling Romana ang kanilang nayon. Lulan ng isang trak na inupahan ng P5, may isang oras na pinangambahan nila ang tibay ng kanilang mga palayok, kalan at ilang pinggan. Mga tampiping may lamang damit nag hindi na nila gaanong inintindi. Sa pagkakalagak niyon sa isang tabi ng trak ay wala silang aalalahaning mamahaling kasuotang maaaring masira.

Isang bahay na sawali sa Kalye Sto. Niño ang tinuluyan nila. May isang silid-tulugan, kumidor, kusina at maluwag na sala, ang bahay na iyon ay isa nang palasyo sa paningin ni Dadong. Kahit may atip ding pawid, ang laki niyon ay maihahambing niya sa bahay nina Enrique Arrastia na kinatakutan niyang panhikin.

Labinlimang piso isang buwan ang upa sa bahay. Para kay Aling Romana, ang halagang iyon ay isa nang mabigat na pananagutan. Ang baon nilang pera ay halos sumapat lamang sa pangmatrikula nina Dadong at Israel.

Bukod sa pinagbilhan nila sa pinalaking mga baboy ng magkapatid, may inaasahan pang mapagkukunan ng salapi si Aling Romana — ang bayad ng magsisipisang mga kabataang buhat sa Lubao. Yaon ang kanyang balak bago pa man sila lumipat sa San Fernando: ang pagpapakasera sa mga estudyanteng magsisipag-aral sa Pampanga High School.

Bago dumating ang **araw ng pataalan**, dalawampu't limang katao ang pumuno sa bahay-paupahan. Sa pangkat ng mga nanggaling sa Lubao ay naragdag ang mga kabataang buhat sa Floridablanca, Macabebe at Guagua. Bawa't isa sa mga nangangaserang iyon ay nakatutulong sa pagbabayad sa bahay at pagbili ng kanilang pagkain.

Kung isasaalang-alang ang kalagayang-pangkalusugan, walang tatagal sa pagsisiksikan doon. Nguni't walang tumutol sa mga estudyanteng hindi makahahanap ng mabuti-buting tirahan. Panatag na sila sa katayuan yaon — matulog nang pisan-pisan (ang mga babae'y sa silid-tulugan, at ang mga lalaki'y sa maluwag na sala at kumidor) at magsiksikan sa hapagkainan tuwing oras ng pagkain.

Sa paghahanda ng pagkain, si Dadong ang katu-katulong ni Aling Romana. Batid niya na ang paglilingkod nilang yaon ang pinanggagalingan ng kanyang pinag-aaral, ng kanyang binabaon sa pagpasok.

DAPAT sanang ikinatuwa ni Dadong ang pagkalagay sa kanya sa **Section A** ng mga nasa unang taon. Sa mga kasamang niyang nangangasera ay walang napunta sa pangkat na iyon.

Laging nasa isip niya ang kanyang anyo: naka-korto at walang sapatos. Hindi nabago ang nadama niyang panginglmi sa harap ng kanyang mga kamag-aaral nang nasa Lubao pa siya.

—Dinaramdam ko. Ayaw kong magpresidente... —tanging naitutugon niya kapag nagkakaroon ng eleksiyon sa klase at siya ang hinihirang na pangulo. Pinangangambahan niya ang kanilang kalagayan — ang kahirapang tulad ng dati'y hindi nakapigil sa lagi niyang pagkalagay sa **honor roll** at pananatili sa **Section A** hanggang sa kanyang pagtatapos.

Siya pa rin ang madalas na maging tagapagturo ng mga nangangasera sa kanila. Hindi niya matatanggihan ang mga iyon. Doon siya nanghihiram ng mga libro. At alam niya: kahit hindi na siya mag-aral, magagamit niya ang

mga kaalamang pinag-aaralan niya para sa mga iyon.

TUWING Sabado at Linggo, umuuwi sina Dadong sa Lubao. Nag-aalaga pa rin si Dadong ng mga biik... pag-aalagang nagpapagunita sa kanya sa unang puhunan niya sa pag-aaral sa haiskul. Kaya hindi nawawala sa kanya ang dating tiyaga sa paghahanda ng darak at kaning-baboy.

Sa mga araw na inilalagi niya sa Lubao, nagkakaroon siya ng pagkakataong muling makihalubilo sa mga kalaro niya. Higit siyang panatag sa piling ng mga iyon kaysa sa mga kamag-aaral niya sa San Fernando.

Minsan, sa isang pakikiumpok niya kina Fidel Dabu, biglang namayani ang katahimikan at pagkatapos ay ang biglang tawanan.

—Balugbog! Balugbog! —Malakas ang pagtukso nina Fidel.

Natingnan ni Dadong ang tinukso ng kanyang mga kalaro. Malaki ang tainga niyon, nakababata sa kanya, maputi, at may kasamang babae.

Nasinag ni Dadong ang galit sa mukha ng tinukso nila. Nahulaan niya ang ikikilos niyon.

Sumugod ang bata kay Fidel. Bahagya pa lamang silang nagpang-aabot nang umawat sina Dadong. Pagkatapos ng gulo'y nakilala ni Dadong ang nakaaway ni Fidel: si Rogelio de la Rosa. Ang babae'y ang kapatid niyon, si Purita.

Sa mga pagtatanong ni Dadong ay napag-alaman niyang bagong lipat sina Rogelio sa Kalye Cucu. Nakipagpalitan sila ng bahay kina Dr. Julio La-

—Kina Mang Isaac tayo pumunta, —maimumungkahi ng isa sa kanila.

—Areglado.

Barbero si G. Isaac Lumanog. Sa mga umagang yaon ay makikita niyang tatapat sa harap ng kanyang bahay sina Dadong at Rogelio. Hindi kumikibo ang dalawa. Titingin-tingin lamang.

Mahihinuha na ni Mang Isaac ang ibig ipakahulugan nina Dadong. At, sa oras ng pag-aalmusal, malugod niyang haharapin ang dalawa: —Halina muna kayong dalawa riyan. Mag-agahan tayo.

Magkakatinginan sina Dadong at Rogelio, saka pangiting aakyat.

May mga araw namang hindi na nila kailangang tumapat kina Mang Isaac. Yao'y kung natatanawan nilang hinog na ang mga saging sa bakuran ni Gng. Isidora Sita. Sapat nang pang-almusal ang mga saging na napipitas nila roon upang ipalaman sa kanilang sikmura, at masimulan ang kanilang mga gawain.

Kung naaalala ni Dadong ang mga "limos na agahang" iyon, namumunimuni niya: "Hindi sana kami napabayaan ni Itay."

Saka niya magugunita ang kanyang liham sa ama... kung iyon ay natanggap... kung iyon ay pinahalagahan.

Nalaman niya ang sagot sa katanungang yaon nang umuwi siya, isang hapon, buhat sa San Fernando.

Dinatnan niyang humihimig ng awitin si Aling Romana habang naglalaba. Ipinagtaka niya ang gayon. Hindi

—Dadong!

Hindi ganap na naunawaan ni Dadong kung bakit biglang tumabang ang pananabik na nadama niya noong una.

Kaipala'y nabakas pa rin niya sa ama ang dating pag-uugali niyon: pagiging palaalis at pamumuhay na pansarili lamang.

Sa isang pagkakataon ay hinangaan niya ang ama. Samantalang nasa San Fernando sila, nabalitaan nilang ipinaalis ni Gng. Colomba de Guzman ang kanilang bahay at ipinalilipat sa dakong harapan ng bakuran. Nangasiwa ang kanyang Lola Escolastica sa paglilipatan, at si Mang Urbano ang yumari ng bagong bahay. Ginawa niyang tabla ang sahig — isang kaunlaran sa dating sahig na kawayan — nguni't hindi natapos ang pagyari dahil sa kakulangan ng magugugol.

Hindi sapat ang pagmamalasakit na iyon upang ganap na malapit ang damdamin niya sa ama. Talos niyang panandalian lamang ang gayon. Darating ang araw na maghihinanakit pa rin siya, natitiyak niya.

ISANG GABI, sa San Fernando, dumating ang kanyang ama at agad hinanap si Israel. Ilang sandali pa at nagkaharap-harap na silang mag-aama.

—Israel, —bungad ni Mang Urbano, —ikaw ay mag-aasawa na.

—Ako? Kanino po?

—Kay Iluminada Banal, isang dalaga sa nayon natin. Maganda siya, at

... walang pagkatakot.

Lumayo sila nang bahagya sa tindahan.

—Ano iyon?

—Itay... nais ko pong magkaliwanagan tayo.

—Sa anong bagay?

—Ayoko pong gawin ninyo sa akin ang ginawa ninyo sa Kuya Israel. Hindi po ako makapapayag na kayo ang manligaw para sa akin.

Hinintay niyang tumugon ang ama. Lumapit iyon at inakbayan siya sa balikat.

—Hindi ko gagawin iyon sa iyo, Dadong. Kilala kita, buhat sa iyong pagkabata. Hindi kita panghihimasukan sa bagay na iyan.

Nakaramdam ng bahagyang kapanatagan si Dadong. Kahi't paano'y naihayag niya ang pagnanasang makalayo sa kapangyarihan ng ama. Kung ang kapangyarihang yaon ay laging lakas na magtataguyod sa kanya, disi'y wala siyang pangamba sa tinatahak niyang landas.

Gayunpaman, siya pa rin ang kinikilalang pangunahing mag-aaral sa kanilang paaralan. Sa kanyang ikatlong taon ay nakapagmungkahi siya ng isang mabisang paraan ng paglalapit ng mga mag-aaral sa mga guro.


—G. Garcia, sa palagay ko po'y mabuting maglimbag tayo ng isang **school organ.**

**—School organ?**

—Isa pong mapaglalathalaan ng mga artikulo at balitang nagaganap sa paaralan.

Sumang-ayon si G. Numeriano Gar-

***Sinulat ni Mario M. Nieves***



**Ito ang bumuo sa "PMT Cadet Corps" ng 'Pampanga High School noong 1929. Si "Captain" Macapagal (may markang X) ay nakipagsagutan sa "commandant" (nakaputi, ikalawang hanay) dahil sa maling pakikitungo niyon sa mga "sponsors" (unang hanay)**

yug dahil sa unti-unting pagkaubos ng kanilang pagkabuhay. Nagbayad ng kaunting halaga si Dr. Layug sa pagkakamit ng bahay ng mga de la Rosa sa karatig-baryo.

Hindi pa gaanong natatagalan nang mapuna ni G. Feliciano de la Rosa, ama ni Rogelio, ang kakaibang kalagayan ng mga taga-Kalye Cucu. —Bakit ba ang lahat na yata ng mga tao rito'y inuubo? —aniya.

Ilang araw lamang matapos makapagtanong iyon ay napuna ng mga naninirahan sa Kalye Cucu na sinasasal iyon ng ubo.

Ang pagkahawang yaon ni G. de la Rosa ay hindi naranasan ni Rogelio. Matapos makilala ni Dadong si Rogelio, naging magkatuwang sila sa pag-iigib para sa ilang kapitbahay. Doon naging mabulas ang pangangatawan ni Rogelio.

Batid ni Dadong kung bakit madaling nagkalapit ang kanilang kalooban: kapuwa sila mahirap. Kung umagang nagkakatagpo sila nang hindi pa nag-aalmusal, nagkakasundo sila sa paghanap ng lunas.

niya nabakas nang nangakaraang araw ang gayong kasiglahan.

—Masaya yata kayo ngayon, Inay? —paniniyak na tanong niya nang makalapit sa ina. Hindi sumagot si Aling Romana. —Bakit po?

Hindi pa rin umimik ang ina. Marahil, naisip niya, may bagong pangyayaring naganap sa araw na yaon.

Pagpapatunay sa kanyang hinala, mabilis na umakyat sa bahay si Dadong. Sa may bungad ng pintuan ay madali niyang napagsino ang lalaking naghihintay sa kanya.

—Itay!

—Dadong... —Niyakap siya ni Mang Urbano. —Natanggap ko ang sulat mo. Naluha ako nang mabasa ko iyon. Ipinasiya kong magbalik, nguni't...

Nanatiling nakatingin lamang si Dadong sa ama. Alam niya: sa nagdaang mahigit na dalawang taon na ikinalayo niyon sa kanyang ina ay may kinandili iyon na ibang babae. Siya mang anak, nagunita niya, ay maaaring may makaagaw rin sa pag-ibig ng ama.

hindi ka niya tatanggihan.

Nagtaka si Dadong at si Aling Romana. Si Israel ay ikakasal sa isang hindi pa niya ganap na nakikilala! Paano ang pag-aaral niyon? Nasa ikatlong taon pa lamang sila noon.

May nabakas na pagtutol si Dadong sa mukha ng kapatid, subali't walang nabigkas iyon. Tumugon lamang nang marahan si Isarel. —I-ibig ko pong makita si Iluminada.

—Hayaan mo't isasama kita sa kanila.

Pagkalipas ng ilang linggo'y ikinasal sina Israel at Iluminada. Ikinaligalig ni Dadong ang pagkakatotoo ng sinabi ng ama, ang pagkakasuong ng kapatid sa biglaang pag-aasawa. Si Mang Urbano ang nanligaw para kay Israel!

Nang gabing iuwi ni Israel si Iluminada sa tinitirhan nila sa San Fernando ay nagkasarilinan sina Dadong at Mang Urbano sa isang tindahan ng haluhalo.

—Itay, ibig ko kayong makausap nang masinsinan. —Walang nakababakas na pangamba sa anyo ni Dadong

cia. Iniharap nila ang mungkahi sa pangasiwaan, at iyon ay napagtibay. Si Dadong ang ginawang patnugot sa panitikan at si G. Garcia ang tagapayo.

Nang magtatag naman ng isang samahan ng mga mananalumpati — **Aurora Ning Diwa** — agad sumapi si Dadong. Sila ang bumuo sa pangkat na panlaban ng Pampanga High School sa mga timpalak-bigkasan. Sa mga paputong, sila pa rin ang madalas na maanyayahan sa iba't ibang bayan at nayon.

Isa si Dadong sa mga kinikilalang mananalumpati. Dahil doo'y isang kaibigan ang nagpagawa ng isang talumpati ng pagpaparangal.

—Alam kong propesyonal ka nang tagaputong, Dadong, kaya kailangan ko ang tulong mo. —Si Fortunato Sazon ang nakiusap sa kanya. —Tulungan mo naman ako sa bibigkasin ko...

—'Yon lamang pala, e. Sumama ka sa amin, at pagtutulungan nating

**(Sundan sa pahina 31)**

# PAGSISISI

**Masasabing isa siyang bagong Magdalena; nguni't siya'y di magiging isang santa, manapa'y ilaw ng isang masayang tahanan**

***ni Ricardo S. Aquino***

ANG KAALINSANGANAN sa loob ng simbahan nang mga sandaling iyon ay lumikha ng butil-butil na pawis sa mukha ni Elena. At sa muling pagtataas ng kanyang mukha ay napatitig siya sa mata ng nakapako sa Krus! May dagok na naramdaman si Elena sa kaibuturan ng kanyang dibdib! May pagkabalisang sumigid sa kanyang puso. Tila baga may kilabot na biglang nagbangon sa kanyang katauhan. Saan man niya idako ang mga paningin ay waring may mga daliring sumusurot sa kanya.

—Makasalanang babae! Makasalanang babae!

Sumikdo ang dibdib ni Elena. Tinakpan niya ng dalawang kamay ang kanyang mga pandinig at sa pagkakaluhod niyang iyon nang buong kataimtiman sa paanan ng Mahal na Poong nakabayubay sa Krus ay marahang napahagulgol siya.

—Diyos ko!. . .O, kamahal-mahalang Panginoon!. . . —aniyang tumatangis nang buong pagtitika. —Ituro Mo po sa akin ang matuwid na landas na dapat kong tahakin ngayon alang-alang sa mga araw na ito ng Iyong paghihirap sa sala ng sangkatauhan!. . . Tulungan po Ninyo ako, mahal kong Panginoon. . . —At ang mga impit na hikbi ni Elena ay bahagyang pumailanlang sa banal na katahimikan nang mga sandaling iyon.

Malapit nang ihudyat ang ika-3:00 ng hapon. At ang kabanalan nang mga sandaling iyon ng paggunita ng sangkatauhan sa araw ng paghihirap ng Banal na Mananakop ay lalo pang sumidhi sa kaibuturan ng kaluluwa ni Elena. Tahimik ang lahat.

—Hala! Kung sino sa inyong umuusig sa babaing ito ang walang bahid ng pagkakasala, dumampot ng bato at siya'y pukulin! —Sa isang bahagi ng "Pitong Wika" ay narinig ni Elenang binigkas ng pare samantalang ipinagugunita sa mga naroroon ang kabanalan ng mga pangungusap na iyon ng Mahal na Panginoon nang panahon ng Kanyang mga pangangaral sa sanlibutan!

Sabay sa pagkakapikit ng luhaan niyang mga mata ay nakagat nang mariin ni Elena ang kanyang mga labi. Wala na ni isa mang katagang mabigkas siya maliban sa mga impit na hikbing yaong kinukuyom niya sa dibdib. Wala nang nalalabi pang pag-asa si Elena, kundi ang mataimtim na pagsisisi! Wala na rin noon ang dating kasiglahan at kalusugan ng kanyang katawan; ang mapupulang mga labi at pisngi; ang mapang-akit na alindog na siya niyang ginawang sandata sa pakikibaka sa buhay!

Dalaga na si Elena nang siya'y maulilang lubos. Mahirap lamang ang kanilang kabuhayan kaya't nang yumao ang kanyang mga magulang ay walang naiwan sa kanya kundi ang mga gintong aral sa buhay.

—Huwag ka sanang patatangay sa simbuyo ng iyong kalooban, anak! Magbago ka sana, Elena! Wala kaming yamang maiiwan sa iyo, kaya't nais kong bago mapikit ang aming mga mata'y maiwan ka namin sa isang kalagayang matiwasay! —minsa'y sabi kay Elena ng kanyang ina.

—Wala akong hangad na mag-asawa, inay, —ang sagot noon ni Elena, —kung ang lalaking matatagpuan ko'y magpapahirap lamang sa akin! Sawang-sawa na ako sa kalagayan nating ito, kaya't ibig ko namang makatagpo ng isang lalaking makapagdadala sa akin sa ibang uri ng pamumuhay! — Batid ni Elena na maganda siya at kaakit-akit. Hindi nga naman katakatakang lapitan siya ng mga "big shot."

Ang gusto noon ng mga magulang ni Elena ay si Nonong. Tapos lamang ng haiskul si Nonong. Subali't ang ikinaayaw rito ni Elena ay ang trabaho ng binata. Karpintero lamang si Nonong.

—Anong uri ng pamumuhay ang ipagkakaloob niya sa akin? Magdildil ng asin at magtiis ng hirap? — ang sabi pa ni Elena sa kanyang ina isang gabing hindi niya pakiharapan ang mabait na talisuyo.

—Huwag ka sanang masyadong mataas anak! —sabi ng ina ni Elena. — Walang perpekto sa mundong ito. Lahat tayo ay hindi nakatitiyak ng kapalaran.

—Nang dahil sa palagay ninyong iyan kaya't sinapit natin ang kabuhayang ito, Inay, —sagot ni Elena. — Di ba't kaya kayo nawalan ng mana at napalayo sa isang kabuhayang masagana ay dahil din sa mga patakaran ninyong iyan sa buhay ni Itay?

—Elena! Wala kang karapatang magsalita ng ganyan sa akin? Anak lamang kita!

—Hindi ako maaaring umibig, Inay, sa isang lalaking katulad lamang natin ang kalagayan, kaya nasabi ko iyon! Darating ang araw na mapag-iisa ako sa buhay. Ayaw kong maiwan ninyo ako sa isang kabuhayang dahop sa lahat ng bagay! Ayaw kong maghirap!

At mula nga nang yumao ang mga magulang ay napag-isa na sa buhay si Elena. Noon siya nagsimulang makipagsapalaran upang hanapin ang sarili niyang kapalaran.

—Katulad ng ibang nilikha'y may karapatan din akong hanapin ang aking sariling kaligayahan! —malimit na nasasabi-sabi ni Elena.

Kaypala'y naakit ng kaway ng makabagong kabihasnan, ang mga payo ng yumaong magulang ay nalimot ni Elena. Ang mapang-akit niyang kariktan at sariwang kabanguhan ang nag-anyaya sa kanya upang sundin ang malaon nang iniaatas ng kanyang damdamin!

At di naglaon, isang Elena Makairog ang nagpugay at hinangaan ng kalalakihan sa isang tanyag na **night club**. Maraming nabaliw kay Elena! Di mabilang ang naging alipin ng kanyang kariktan.

—Ang ibig ko'y magkaroon ng ibang uri ng buhay! —wika ni Elena, isang gabi, sa kanyang kasayaw.

—Paliligayahin kita, Elena! Sumama ka lang sa 'kin ay ilalayo kita sa pook na ito! Pakakasal tayo sa lalong madaling panahon at pagkatapos ng ating pulot-gata ay ipapanhik kita sa sarili naming tahanan!

Nalamuyot si Elena nang matatamis na pangakong iyon ni Ben. Kilala ang angkan nina Ben sa Maynila, at batid iyon ni Elena. Sa katunayan ay katatapos pa lamang ng arkitektura ng binata nang sila'y magkakilala. Kaya't nagtiwala si Elena. Sumama siyang magtanan kay Ben. Huli na ang lahat ng matuklasan niya ang mapait na katotohanan! —Nilinlang siya ng binata pagkatapos siyang pagsawaan.

Nawalang parang bula si Ben, at nang mabalitaan ni Elena'y kasal na ito sa babaing siyang talagang ihahatid sa harap ng altar.

Noon itinangis ni Elena ang mga pagkakamaling nalikha ng kanyang kapusukan at matayog na pangarap sa buhay! Noon niya nagunita ang mga payo at pangaral ng kanyang ina!

Subali, naging matatag pa rin si Elena sa kabila ng masaklap na pangyayaring iyon! Nagbalik siya sa **night club!** Maganda pa rin siya at sariwa. Hindi siya pinaglahuan ng pag-asa sa unang kabiguan sa buhay. Kaya't ang pagkalupaging minsan ay sinundan pa ng ikalawa, ikatlo. . . at nang lumaon ay katulad na lamang ng pagtungga ng alak ang paglulunoy niya sa karumaldumal na gawain. Ang kanyang puso ay pinatigas na nang pinatigas ng matayog niyang pangarap!

Noon niya nakatagpo si David Arcangel. Ang pagkikilala nila ng binata ay isang pagkakataong parang pinagtiyap ng mga pangyayari. Malimit siyang isayaw ng binata sa madilim na bulwagang sayawan.

Maligaya na sana noon si Elena, subali't ang lihim ng kanyang katauhan ang lagi nang tumatakot sa kan-



ya sa lahat ng sandali. Hindi nababatid ni David ang marumi niyang pamumuhay! Natatakot siyang ipagtapat sa binata ang katotohanan! Baka lumimot si David! Subali't tinatakot din naman siya nang pangambang matalos iyon ng binata balang araw.

—Ngayon mo lamang ako nakilala, David! Marami ka pang bagay na hindi nalalaman. Maaaring hindi mo talos ang aking katauhan! —sagot ni Elena.

Payapa silang nakaupo noon sa dalampasigan ng look ng Maynila at tinatanaw nila ang paglubog nang araw sa dakong kanluran.

—Kailangan pa bang itanong ko sa iyo ang bagay na 'yan? —sabi ni David at pinisil ang palad ni Elena. —Maging pangit ka man sa paningin ng lahat ay walang kailangan sa akin, Elena. Iniibig kita at 'yan ang ibig kong bigyan mo ng katugunan.

Hindi na natimpi ni Elena ang damdaming ngapupumiglas noon sa kanyang dibdib. Marahang napabulalas ng iyak ang dalaga. Hindi niya maitunghay ang mukha sa binata. Ngayong mapatunayan niya ang katapatan ni David ay lalong hindi niya maatim na dayain ang paniniwala nito. Kailangang mabatid ni David ang katotohanan, sa sarili niyang pagtatapat. Nguni't paano niya maisisiwalat ang katotohanan?

—Hindi mo nalalaman ang iyong sinasabi, David... —nabigkas ni Elena matapos ibaling ang kanyang tanaw sa malayo. Iniiwasan niyang magkaugnay ang titig nila ni David! —Ako'y hindi maaaring maging bahagi ng maganda mong paniniwala, David.

—Iniibig kita, Elena, at 'yan ang ibig kong itanim mo sa iyong isip. Pagkasabi niyon ay hinubad ni David ang kuwintas sa kanyang leeg na may palawit na munting krusipiho at inialay kay Elena.

—Bago namatay ang aking ina ay ipinagkaloob niya sa akin ang kuwintas na ito, Elena, —mabanayad na wika ng binata. —Sinabi niya sa akin na ito'y ipagkaloob ko sa babaing pakikisamahan ko sa buhay. At ikaw, Elena, ang magtataglay nito pagka't ikaw ang hinirang kong maging kapilas ng dibdib! Sa iyong leeg ibig kong makitang nakasuot ang kuwintas na ito...

—David! O, David... —At paiyak na napayapos si Elena sa binata.

Hindi nakatulog si Elena nang gabing iyon! Magdamag niyang iniluha at binulay sa sarili ang mapapait na sandali sa kanyang buhay. Halos isumpa niya ang kanyang sarili sa matinding sama ng loob! Hindi maatim ng kanyang budhi na tanggapin ang pagibig ni David! Hindi siya karapat-dapat sa pag-ibig na iyon! Wala siyang karangalang maipagkakapuri kay David!

Kinabukasan ay yari na ang pasiya ni Elena. Gumawa siya ng isang liham para kay David at doon ay ipinagtapat niya ang lahat ukol sa madilim niyang kasaysayan. Kalakip din sa liham na iyon ang kuwintas na ipinagkaloob sa kanya ng binata.

—Patawarin po Ninyo ako, Panginoon ko... —lumuluhang usal ni Elena. —Hindi ko siya maaaring dayain ngayong nakilala ko ang katapatan ng pag-ibig niya sa akin! Pinagsisisihan ko po ang mga pagkakamaling nagawa ko sa buhay! Wala po akong hinihiling ngayon sa inyo kundi bigyan Ninyo ako ng pagkakataong makapagbagong buhay!

At nang Biyernes Santo ngang iyon ay inihantong si Elena ng kanyang mga paa sa simbahang iyon ng Nazareno sa Kiyapo. Ang kadakilaan ng araw na iyon ang nagbukas sa nakapinid niyang puso at siyang sumaksi sa kanyang banal na pagsisisi.

—Kailanma't napagsisisihan natin ang ating mga pagkakasala at tayo'y nakalaan nang magbagongbuhay, ang biyaya ng Diyos ay nasa atin pa ring mga palad! Katulad din ni Santa Magdalena... sa kabanalan ng kanyang pagsisisi ay natutuhan niyang magpakabuti pagkatapos ng mga pagkakasalang nagawa niya... at siya'y tananghal na isang santa ng kabanalan!

Nagpahid ng luha si Elena sa bahaging iyon ng sermon ng pare.

—'Diyos ko- Ama, patawarin Mo po sila sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa!' —ang pangungusap na iyon ng Dakilang Panginoon na kabilang sa mga huling binigkas ng pare ang lalo pang nagpatining sa mataimtim na pagsisisi ni Elena.

—Diyos ko! —hindi natimpi ni Elena ang kanyang damdamin at siya'y napabulalas na naman ng iyak. Payapang-payapa at taimtim siyang nakaluhod sa paanan ng Krus ng Mahal na Poong Nazareno. Tutop ng dalawa niyang palad ang luhaang mukha. Batid niyang matapos matunghayan ni David ang kanyang liham ay susumpain siya at pandidirihan!

Ganap nang ika-3:00 ng hapon. Mahabang sandali ng mapayapang katahimikan ang naghari sa loob ng simbahan. Walang anu-ano'y nadama ni Elena ang marahang pagdantay ng dalawang palad sa kanyang mga balikat. Marahang napalingon siya.

—Elena... —ang mabanayad na tinig na iyon ang wari'y birang pumahid sa paghihirap ng loob ng dalaga. —Tapos na ang "Siete palabras"...

Hindi agad nakapangusap si Elena nang ganap na makilala ang nagsalita. Hindi niya mapaniwalaan ang katotohanang iyon! Nguni't maliwanag ang kanyang mga paningin! Hindi siya nangangarap

—David!... Hindi na nasundan ng iba pang kataga ang sasabihin ni Elena. Siya'y mapabulalas na naman ng impit na iyak sa biglang bugso ng kaligayahan.

—Ngayo'y kasama mo na akong tatahak sa isang landas na kaloob sa atin ng Dakilang Maykapal, Elena... —sabi ni David at palihim na hinawakan ang kamay ng dalaga. * * *

## Sariling Kurukuro

ni P. S. Aspillera

Isa sa mga kaugalian nating mga Pilipino na nangangailangan ng kaunting pagbabago ay ang malabis nating pagkupkop sa ating mga anak. Ito'y napatutunayan lalo na sa panahon ng pagtatapos ng pag-aaral.

Tunay na wala nang napakaligayang sandali para sa isang magulang gaya ng sandaling tumatanggap ng diploma ng pagtatapos ang anak na pinipintuho. Ang lahat ng mga taon ng paghihirap at paghihikahos upang maitaguyod ang pag-aaral at matustusan ang lahat ng mga pangangailangan ng mutyang bunso ay parang hanging napapawi sa mga oras na iyon. Ang mga mata ng mga magulang habang itinititig sa maligayang mukha ng anak ay punung-puno ng pag-asa sa kinabukasan. Natapos na rin ang kanilang anak. Ngayo'y hindi na sila maghihikahos sa buhay. Hindi na sila mangungutang para ibayad sa matrikula. Hindi na sila magsasanla ng kaunting alahas o ng maliit na lupang kinatitirikan ng kanilang tahanan upang maipantakip sa mga pangangailangan sa paaralan. Ngayo'y makapagtatrabaho na ang bunsong pinag-aral. Mahuhubdan na sila ng mga hirap at tiisin. Siya'y makatutulong na sa kanilang pamumuhay. Anong sayang isipin!

Hanggang...

Ang unang pagkakataong lumapit sa mag-anak ay isang alok sa pagtuturo sa isang malayong lalawigan. "Naku! Ano ba namang pagkalayu-layo. Humanap ka na ng malapit-lapit. Sama-sama lamang tayo, kahi't na tayo magdildil ng asin," ang tutol ng magulang.

Ang ikalawang alok ay sa isang maliit at bago lamang nagsisimulang paaralan. "Magkano raw ba ang sasahurin mo? Iyon lamang? Mabuti pa ay matulog ka na lamang dito. Tataba ka pa."

Ang ikatlong alok ay sa isang paaralan ng mga lalaki. "Tigil na nga iyan. Panay na lalaki ang makakasalimuha mo roon. Baka ligawan ka pa ng mga iyon!"

Ang ikaapat na alok ay sa paaralang panggabi. "Huwag nga. Kababae mong tao ay nasa lansangan ka hanggang gabi".

Anupa't ang lahat ng pagkakataon para kumita at magkahanap-buhay ang anak ay natutulang lahat at hindi nakatutugon sa pihikang pamimili ng mga magulang. Kahina-hinayang na mga pagkakataon! Kaya't nakakaraan ang lima, anim na buwan, isa, dalawang taon at ang kawawang anak ay nasa kanila pang pagkukupkop at nakikipagtiisan sa kaunting sinasahod ng ama. Ang lahat ng mga napag-aralan upang maging mahusay na guro ay unti-unti nang nalilimutan. Ang dati ring sigla sa paghahanap ng mabuting trabaho ay nawala nang lahat.

Iyan ang nagagawa ng mga magulang na makikitid ang isip at laging handang kupkupin ang may sapat nang pag-iisip na anak. Iyan ang nagagawa ng mga magulang na ayaw ng layu-layo at hindi marunong magtiis upang ang mga anak ay matutong mamuhay nang sarili.

Ngayong panahon na naman ng pagtatapos at paghahanda sa kinabukasan ng mga anak, ang kaunting paalalang ito ay inihahandog sa mga magulang ng Pilipinas. * * *

### Sa matalik na pakikipagkaibigan . . .

"...Ang pagkakaibigan ay isang banal na bagay at ang pakikipagkaibigang nasasalig sa mga pagkukunwari ay hindi kabanalan at hindi rin pagkakawanggawa. Tayo, sa ano mang paraan ay maaaring maging kaibigan sa marami pagka't marami rin naman ang nakakaayon natin sa isa o ilang paniniwala at pag-uugali. Nguni't isang kamalian at pagkukunwari ang tayo'y maging malapit na kaibigan sa marami. Hindi maaaring maging maging matalik tayong kaibigan nang higit pa sa ilan sa dahilang bihira sa buong daigdig na ito ang mga taong nakakaayon natin sa halos lahat ng bagay." — *Thomas Merton*

● **Pangkabataan**

# "ITO ANG AKING AKDA"

I

Ito ay isang kopita ng alak. Ang kopitang ito ay yari sa pinakamanipis na kristal. Napakarupok na kopita. Masanggi lamang ay malalamatan na at mabunggo lamang ay kagad nang mababasag!

II

Ito ay isang bote ng alak. Kanina pa ito nasa tabi ng kopita sa hapag. Ang alak ay kaibigan ng mga may suliranin sapagka't naigugupong pansamantala ng espiritu nito ang anumang alalahanin sa buhay.

III

Ang mga ito ay isang lalaki at isang babae. Maganda ang babae nguni't kimi at mahiyain Mukhang hambog ang lalaki at malilikot ang mga mata. Nagsalin ang lalaki ng alak sa kopita at idinulot sa babae. Nagpakatanggi-tangi ang babae nguni't napahinuhod din sa pagmamapilit ng lalaki. Pagkaraang uminom ng babae ay sinalinan ng alak ang kopita at ibinigay sa lalaki. Tugtugin. Nakalimot sila kapuwa... Humilig ang babae sa dibdib ng lalaki. Pumikit at dinama ang tibok ng puso niyon. Masuyo naman siyang hinahagkan-hagkan sa pisngi ng lalaki... Maligayang-maligaya sila...

IV

Sa hapag ng babae ay naroroon pa rin ang nag-iisang kopita. Nguni't... Ang babae'y nag-iisa na ngayon. Hindi na kasama ang lalaki. Marahil ay hinihintay niya. Sinalinan ng babae ang kopitang kristal at tumungga. Wala pa siya... Kay tagal! Napagmasdan ng babae ang tangang kopita — napakarupok. Pakiramdam niya: mabunggo lamang iyo'y mababasag na. At naisip niya: ang isang basag na kopita ay kailangan nang itapon ... iwaksi... at tuluyan nang limutin!

V

Napansin ng babae na unti-unti nang nawawala ang mga tao sa loob ng aliwan. Lumalalim na ang gabi... wala pa kanyang hinihintay. Hindi na! Taksil na lalaking walang pagpapahalaga sa pangako! Kasumpa-sumpang lalaki!

Napayupyop sa mga palad at naiyak ang babae. Hindi sinasadya'y natabig niya ang kopita. Sa tindi ng pagdaramdam ay hindi na niya tinangkang sagipin pa sa paggulong ang kristal na kopita. Gumulong ang kopita sa hapag... gumulong... mabilis na gumulong . . nabingit... at... bumagsak!

Nang mag-angat siya ng paningin ay napagmasdan niya ang basag na kopita. Durog na durog! Nalanghap ng babae ang alak na umagos sa hapag. Iyon.... iyon ang uri at tatak ng alak na ininom kagabi at nang nagdaang mga gabi pa... Iyon ang alak na lumango sa kanya... iyon...

Ang kopitang kristal... ito ang kanyang naging kapalaran. Hindi siya naging maingat. Hindi niya pinag-ingatan ang sariling isang kopitang kristal — isang kopitang higit na marupok. Naniwala siya sa matatamis na pangako ng lalaki — natangay siya hanggang sa matutong sumuko ang kanyang karupukan...

VI

Durog ang pusong nilisan niya ang aliwan. Umalis siyang sawi... isang basag na kristal... * * *

—*Josefina V. Rodriguez*
**General de Jesus Academy**
**San Isidro, Nuweba Esiha**



# *Kristal*

**Nagpakalango siya at natabig niya ang kopita; iyon ay gumulong at nabasag!**

Buong pagkauhaw na tinungga ng lalaki ang alak — sinimsim niya hanggang sa kahuli-hulihang patak...

Maligaya silang dalawa. Nangungusap ang kanilang mga mata ng mga katagang tanging sa panaginip lamang nabibigkas habang sila'y umiindak sa saliw ng malamyos na siya! Nguni't... siya ay nangako: "Hintayin mo ako," wika pa ng lalaki. Darating siya- Darating! At... tutungga sila sa iisang kopita ng alak! Iwawaksi nilang lahat ang alalahanin at magpapakasaya! Nguni't... O! siya na lamang ang nalalabi sa aliwang iyon! Hindi na darating ang

# Ang Bulaang Pastol

Magmula sa kubo hanggang sa pastulang mga damo'y lungti,
May isang binatang ang naging gawa'y magpastol na lagi;
Ang mga alaga'y kambing na tiwala ng isang may-ari,
Na ang kasunduan, sakaling dumami sila'y maghahati.

——oOo——

Sa pagtitiyaga... lumipas ang araw, alaga'y nag-anak,
Tuwa ng binata'y walang pagkasidlan sa laki ng galak;
Hindi iniinda ang hirap at pagod sa maghapong singkad,
Pagka't pangita na yaong pakinabang na pinapangarap.

——oOo——

Manang isang araw, nang muling patungo sa kanyang pastulan,
May isang matanda siyang nasalubong sa gitna ng daan;
Wika ng matanda — Ang hayop mo, Amang, ay iyong ingatan,
Pagka't mayro'n lobong diya'y nagkukubli na ubod ng takaw.

——oOo——

Sa paalaalang yaon ng matanda ay hindi sumagot
Ang binatang pastol na pinagsabihan ng tapat na loob;
Nagwalang-bahala dahil sa akalang yao'y pag-iimbot
Ng mga nilikhang pawang kasamaan ang itinatampok.

——oOo——

At sa pag-iisang walang makausap kumatok sa diwa,
Magbiro't magkunwang sa alagang hayop ay may sumisila;
Sa lakas ng hiyaw... gumibik ang lahat ng taga-tumana,
Takbuhang sumugod na handang dumamay sa napaaawa.

——oOo——

Nang mangagsirating ang magkakainging may magandang-loob,
Halakhak ng pastol sa kanyang ginawa'y di malagut-lagot;
Sa gayong inasal, ang magkakasama'y dagling tumalikod
Na taglay sa puso ang tindi ng galit at labis na poot.

——oOo——

Nang maglipat-araw, walang anu-ano... ang lobong mabangis,
Sa kublihang burol hayok na lumabas, mata'y nanglilisik;
Bawa't maraanang malalagong damo ay sinasaliksik...
At nang nasumpungan yaong mga kambing agad na tinugis.

——oOo——

Ano man ang gawin ng binatang pastol na napasaklolo,
Hindi maapula sa paninibasib ang hayok na lobo;
Kahit maghumiyaw, tao sa kubuha'y hindi mabalino,
Sapagka't dala na sa kabulaana't gawang paglililo!...

——oOo——

Kaya mula noo'y natanim sa isip na dapat iwasan
Ng isang nilikha ang masamang biro't kasinungalingan;
Pagka't kung mabilad sa mata ng tao ang katotohanan,
Sarili mo na rin ang kusang gumawa ng iyong libingan.

——oOo——

(Sa buhay na ito'y dapat na tandaang kung ano ang tanim,
Yaon din ang bungang bukas-makalawa'y ating aanihin;
Kaya ang ipunla'y binhing matataba upang sa pagsupling,
Ang ating mapitas ay hinog na bungang masarap namnamin.)

**—DOMINGO RIC. SARIA**
**Heneral Trias, Kabite**



napilitan si Augusto na mamasukan sa isang tanggapan habang nagpapatuloy ng pag-aaral sa gabi.

Dahil sa malabis na paggugol ng salapi ni Regino, na kung hindi mabigyan ay nagdarabog at nagsasalita nang hindi marapat, ay naligalig ang kanilang ina. Nagbili ng ilang putol na lupa at pinuhunan sa pag-aalahas at sa iba pang pagkakakitaan, hanggang sa lubos na nabuyo sa pagnenegosyo at sa pagyayao't-dito sa Maynila at sa Kabikulan.

Iyan ang pahapyaw na buhay ng mag-anak na Soriel. Nang mga araw na makilala ni Augusto si Femy ay nagbabakasyon siya sa Maynila, sapagka't siya isa nang inhinyero at nakatalaga sa isang Sentral ng Asukal sa Negros Oksidental.

---

Gaya nang ating nalalaman, tiniis ni Augusto ang bagay na natalos niya tungkol kay Femy, kahi't na narinig sa pagsasalita sa panaginip ng asawa ang pangalang "Rita." Ang kahilingan ng minamahal na kabiyak ay madaling sinunod, kaya't kinabukasan din ay lumipat sila ng ibang otel.

Minsan pang naligayahan si Femy. Noon niya napatunayan araw na darating ay walang pagsalang mauuwi tayo.

—Bakit ba naman kinakailangan pang magpabalam-balam tayo ng pag-uwi? —ang tanong naman ni Femy.

—Susulat muna ako sa Kabanatuan at titiyakin nating naroroon ang mga Nanay, pagka't gaya nang sinabi ko ay malimit siya sa Kabikulan. Isa pa, itatagubilin kong maghanda sila bilang pasalubong sa atin. Paaanyayahan ko ang ilang matataas na tao sa bayan, gaya ng alkalde at iba pa, upang maipagkapuri kita sa kanila.

—Talagang malaki rin naman yata ang pagpapahalaga mo sa akin, —ang pabirong pakli ng babae at sinundan ng tawa. —Sa akala mo kaya'y mamamahal ako sa Nanay?

—Iyan ang matitiyak ko sa iyo, —ang paniniyak ng lalaki. —Hindi siya nagkaanak ng babae, at naniniwala akong ang pananabik niya ay masusumpungan sa iyo.

—Talagang mapalad ako sa iyong piling. Hindi rin ako lubos na nakapaglambing sa pagmamahal ng aking ina, sapagka't maaga siyang namatay. At ngayo'y malalasap kong muli ang pagmamahal ng isang ina.

# Nagbalik na Pagmamahal

**Nalampasang muli ni Femy ang isang pagsubok sa kanyang buhay at sa malas ay matatamo na niya ang kaligayahan sa piling ng minamahal na kabyak**

***nina Teodorico C. Santos at Pedro Reyes Villanueva***

**(Ika-12 Labas)**

NGAYON ay kilalanin naman natin kung sino si Augusto Soriel at ang kanyang pinagbuhatang angkan. Ang kanyang kaanak ay nakaririwasa at kilala sa kanilang bayan. Dadalawa silang magkapatid na lalaki, siya at si Regino, na bata sa kanya. Kapuwa sila pinapag-aral ng kanilang mga magulang, datapuwa't sa kasawiang-palad, si Regino'y hindi nakapagpatuloy at ang naabot ay ang makatapos lamang ng haiskul. Masasabing si Regino na rin ang may kasalanan sa hindi niya pagkakatapos ng pag-aaral. Ang mga araw ay hindi niya sinamantala sa ikatututo, kundi itinapon niya nang walang panghihinayang sa paglilimayon.

Datapuwa't si Augusto ay ibang-iba kaysa kay Regino. Taglay ni Augusto ang katutubong pagkamaginoo, ang kasipagan at ang pagkahilig sa pagtuklas ng karunungan. May magaganda siyang simulain sa buhay. Hindi siya "patay na lukan" o "patay na isda" na hindi makasuba sa agos. Siya'y laging masigla, mapagisip at mapagmunukala. Bata pa'y natutuhan na ang maririkit na aral ng walang kamatayang tulang "Florante at Laura" na sinulat ng bantog na makata ng lahing si Francisco Balagtas. Alam niya ang tungkulin kay Bathala, sa bayan, sa magulang, sa kapuwa at sa kanyang sarili.

Maagang naulila sa ama sina Augusto at Regino. Dapat sanang magbago na ng ugali si Regino, nguni't patuloy siya sa kanyang mga pangit at maling inaasal. Walang pagmamalasakit sa kabuhayan, walang pag-ibig sa karangalan at walang pag-ibig sa hanapbuhay. Patuloy siya sa paglalayas at kadalasa'y buwanan kung maglimayon sa iba't ibang bayan. May tatlong bagay siyang pinagkakaabalahan: sugal, babae at alak.

Samantala, si Augusto ay nasa ikatlong baytang na noon ng inhinyerya, at puspusan ang kanyang "pagsusunog ng kilay." Nais sana niyang tumigil kahi't isang taon man lamang upang maisaayos ang lahat ng bagay sa kanilang kabuhayan, nguni't ang paghahangad na makatapos agad ng pag-aaral ay siyang nakahadlang sa kanya. Ang kanyang ina, na hindi pa naman masasabing katandaan at maaari pa ring makapag-asawa balang araw, ay hindi naman nasanay sa mga gawaing nauukol sa kanilang kabuhayan. Nang nabubuhay pa ang nasirang asawa ay mahilig sa mga lipunan, sa mga kasayahan, sa mga paglalakbay at iba pang kalayawan ng katawan.

Kaya't napilitan ang mag-anak na Soriel na ipagkatiwala sa ibang tao ang kanilang mga sakahan at iba pang kapakanan. Nagsiasa na lamang sila sa darating o sa anumang ipagkaloob sa kanila. Sa paglakad ng mga taon ay lumiit nang lumiit ang kanilang ani, kaya't na walang kapantay ang pag-ibig sa kanya ni Augusto. Kaya't siya nama'y nagpakagiliw sa kanyang asawa at ipinamalas niya kung gaano rin kahalaga ito sa kanya.

Hindi lamang ang mag-anak na Ambo at Gloria ang humahanga at natutuwa sa matamis na pagsasamahan nina Augusto at Femy, kundi pati ang kanilang mga kaibigan. Ang paniwala nila'y nakatagpo si Femy ng isang ulirang lalaki at si Augusto nama'y ng isang ulirang babae. Bagama't masasabing ang dalawa'y tumalikod na sa pagkabinata at pagkadalaga, patuloy sila sa pagdalo sa matataas na lipunan. Si Femy ay malimit umawit sa mga konsiyerto at ang kanyang kabantugan ay patuloy na lumaganap sa lipunan ng sining ng musika.

Isang gabi'y muling naungkat ni Femy ang tungkol sa pag-uwi nila sa Kabanatuan.

—Hindi ko nakakalimutan ang bagay na iyan, —ang sagot ng lalaki. —Sa isa sa mga

—Siyanga pala, wala akong malaking nalalaman tungkol sa iyo, maliban sa ikaw'y nasa pagpapala nina Mang Ambo. Kumusta naman ang iyong mga kaanak. Mayroon ka pa bang mga kapatid?

Hindi akalain ni Femy na doon mapadako ang kanilang salitaan. Bagama't hindi niya ibig magbukas ng dibdib hinggil sa kanyang angkan ay napilitan na rin siyang magtapat.


—Nang mamatay ang aking ina ay nag-asawa naman ang aking ama ng isang maganda at batang-batang dalaga. Siya ang pangalawang inang ipinakilala sa akin ng aking ama, nguni't hindi ko nalasap sa kanya ang pag-ibig ng isang tunay na ina...

At isinalaysay niya ang lahat nang pangyayaring bumabalot sa kanyang malungkot na kasaysayan.

—At palibhasa'y malaki ang pagkakaagwat ng kanilang gulang, —patuloy ni Femy, —nasunod ng aking Tiya ang kan-




"KAY-LUPIT MO, ANDENG... ALAM MO NAMANG ANG TATAY MO ANG NAKIUSAP NA AKO ANG PUMALO SA KANYA SA PAGPI-PINITENS'YA N'YA... 'TAPOS NGAYON E, SASABIHIN MONG HINDI KA MAKAIIBIG SA ISANG **HUDYO!** KAY LUPIT MO, ANDENG!"




"'TAY, PUWEDE BA, 'YUNG IPAPALO N'YO SA 'KIN SA INYO N'YO NA IPALO PAG **NIPITENS'YA** KAYO?"

# Buhay-Buhay


nina NICANOR at ESQUIVIAS




"PARE, SA GINAWANG IYAN NI MEYOR E, IPINAKIKITA N'YANG INAAMIN N'YA ANG MGA KASALANANG IBININTANG NG KABILANG PARTIDO! TILA AYAW KO NA RIN SA KANYA!



# Penitens'ya



"**NAGSISISI NA AKO, NAGSISISI NA AKO!!**"



ANTOINETTE, 'YON PALA'NG 'PINAGMAMALAKING **BOY FRIEND** NI CHUCHAY, PARANG **TIKLING** ANG MGA BINTI!"

# "forget-me-not"

Katha ni VBR Revalo





Sina Zaldy at Shirley, nang ikasal sa Our Lady of Grace sa Grace Park. Kasama nila sa larawan sina G. at Gng. Ernesto Zshornack.

# "Ang Aming Pag-ibig"

## ni JOSE C. GARCIA

**(KATAPUSANG LABAS)**

MASIGLANG-MASIGLA, si Zaldy nang sapitin nila ang bahay ng dinaluhan nilang may-kaarawan sapagka't sa pagnanakaw niya ng unang halik sa dalaga ay natitiyak niyang ito'y hindi na makakaiwas pa sa kanya. At napatunayan niyang sadyang matimbang siya kay Shirley nang tanggihan nitong makipagsayaw sa isang Amerikanong marino na panauhin din sa kasayahan, at sa kanya sumama.

Pagkatapos ng **party**, nang pauwi na sila, ay minsan pang nahagkan ni Zaldy si Shirley. Di katulad nang una na tila tumutol pa ang dalaga, sa pagkakataong iyon ay ganap nang nagpaubaya si Shirley.

Kinabukasan ng gabi, nang ang dalawa'y magtagpo sa isang pook, ay ganap nang nabuklod ng pagmamahalan ang kanilang mga puso.

Mula noon ay sinamantala na ng magsinggiliw ang pagkakataon. Nanonood sila ng sine. Walang Linggong hindi sila nagpipiknik sa labas ng Maynila — sa Tagaytay, sa Pagsanjan, at sa iba pang pook na ang tanawin ay kahalihalina. Nagtutungo sila sa mga kapistahan at sa mga kasayahan. Kung sila'y magkapiling ay tinuturuan ni Zaldy si Shirley ng wikang Tagalog.

Isang araw, nang ang dalawa'y muling magkita sa isang pook, ay ipinakita ni Shirley kay Zaldy ang kablegramang tinanggap niya mula sa kanyang Mama sa Estados Unidos. Sila ni Pearl ay pinauuwi na upang sa Los Angeles nila paraanin ang Pasko at Bagong Taon.

Nalungkot si Zaldy. Tumutol siya at hiniling na dumito na muna sa Maynila sina Shirley. Subali't hindi nabali ang pasiya ng dalaga na sila ng kanyang kapatid ay uuwi agad sa madaling panahon.

Nang huling gabing magkaniig sina Shirley at Zaldy ay maraming bagay ang kanilang napag-usapan. Nagsumpaan silang mananatiling magkasintahan nang ilang taon, bago babalik sa Pilipinas si Shirley upang dito sila mag-isang-dibdib. Nangako pa rin si Zaldy na kapag si Shirley ay nasa Amerika na, lagi niyang tatawagan sa telepono ang minamahal. Ang dalaga nama'y sumumpang si Zaldy lamang ang lalaking itatangi ng kanyang puso.

Dumating ang araw nang pagtulak ng magkapatid na Gorospe. Maaga pa'y nasa Manila International Airport na ang mga naging kaibigan nila upang sila'y ihatid sa kanilang paglisan. Si Zaldy ay kasabay na dumating ng magkapatid. Nang ihudyat na ng **announcer** sa **public address system** na dapat nang sumakay sa eroplano ang mga pasaherong lilipad, ang magkatipan ay nagyakap at naghalikan. Si Shirley ay lumuha. Dinukot ni Zaldy ang kanyang mabangong panyolito at marahang dinampi ang mga luha ng minamahal.

—Sa aking pag-alis, Zaldy, ay iiwan ko sa iyo ang aking puso bilang katunayang ako'y babalik upang tupdin ang aking pangakong tayo'y haharap sa dambana sa lupang tinubuan ng minamahal kong ama, —umiiyak na ani Shirley.

Naligayahan si Zaldy nguni't hindi siya nakapagsalita sapagka't ang kanyang lalamunan ay tila nabubulunan ng mga luhang di makalabas sa kanyang mga mata. Minsan pa silang nagyakap. Hindi nila namamalayan, sila pala'y pinanonood ng lahat. Sa tagpong yaon ay napatunayan ng mga nakasaksi na talagang sina Zaldy Zshornack at Shirley Gorospe ay tunay na magkasintahan, katulad ng ibinalita ng mga pahayagan, magasin at radyo.

Kinagabihan, si Zaldy ay isinama ng **Lo' Waist Gang** sa pamamasyal upang siya'y aliwin, subali't ang binata'y larawan ng kalungkutan. Ano mang pagpapatawa ang gawin nina Berting Labra, Boy Francisco, Boy Santa Romana at Butch Bautista upang mapatawa lamang si Zaldy ay nasayang na lahat pagka't ang isipan ni Zaldy ay kasama ni Shirley sa pag-uwi nito sa Estados Unidos.

Isang hatinggabi, pagkalipas ng ilang araw, nang sa palagay ni Zaldy ay nasa Los Angeles na sina Shirley, ay tinawagan niya ang Philippine Long Distance Telephone at hiniling na ikonekta siya sa numero ng telepono nina Shirley sa Los Angeles, California. Pagkatapos nang halos may isang oras na paghihintay ay kumuliling ang teleponong tinawagan ni Zaldy..., at ga-




**ANG MODA NGA NAMAN!** — Ang mga **kakatwang kasuotang** ito ang nagsipagwagi sa isang pandaigdig na paligsahan sa moda at itinanghal kamakailan sa Mitsukoshi Department Store Hall sa Tokyo. Nilahukan ng mga bansang Belhika, Denamarka, Fransiya, Alemanya, Italya, Hapon, Norwega at InggLatera, ang mga kasuotang isinali ay pawang yari sa lana. Ang nasa kaliwa ay nagwagi ng pangalawang premyo, unang premyo ang nakamit ng nasa gitna at una pa rin sa kategoryang bestida ang nasa dulong kanan. Kung ito ang papalit sa modang sako este, **sack** ay hindi tiniyak sa balitang aming tinanggap.

# MGA BALITANG PANDAIGDIG

## *(Sa Larawan)*



**TAGAPAGMANA NG TRONO** — Si Prinsesa Grace ng Monaco (Grace Kelly sa Hollywood) at ang ikalawang anak nila ni Prinsipe Rainier, si Prinsipe Alexander Louis Pierre na isinilang noong Marso 14.. Pagka't siyang kauna-unahang anak na lalaki ng mga Rainier, si Prinsipe Alexander ang magkakamit ng lahat ng karapatan bilang tagapagmana ng trono ng Monaco.



**MABILIS PA SA BALA** — Ang nasa larawan ay kasalukuyang ginagawa sa Rocketdyne upang gamitin sa mga pagsubok sa bilis ng Hukbong Panghimpapawid ng Estados Unidos sa ilalim ng Hollman Air Development Center sa New Mexico. Ang sasakyang ito ay tatakbo nang dalawang ibayo ng bilis ng ingay — higit pa sa bilis ng punlo ng isang riple.



**MARAMIHANG PAGDAKIP**—Libu-libong indiyan ang pinagdadakip ng hukbo ng pulisya ng Calcutta nang ang mga iyon ay magparada sa mga lansangan bilang pagtutol sa "pagtataboy" sa kanila ng pamahalaan sa labas ng Kanlurang Bengal. Ang mga taong ito ay nawalan ng tahanan (at bayan) at ngayo'y nagsisiasa na lamang sa awa ng Diyos upang makapamuhay nang maligaya, tulad ng ibang malalayang mamamayan.



Sina Cesar Ramirez at Merle Tuazon, sa isang tagpo ng pag-ibig sa "RAMIR" ng Everlasting Pictures. Sa anyo ni Cesar ay mapapansin ang isang kalungkutang likha ng kung anong pangyayari, samantalang wari'y nag-iisip naman ang dalaga.

# ibat ibang Kulay sa puting tabing

ni eddie

Tungkol sa nakaraang pagbibigay ng mga gantimpala ng FAMAS, may kinaringgan kami nang ganito.

—Masyado, naman! Halos nalikom ng isang pelikula ang ilan sa mga gantimpala! (Ang tinutukoy ay ang **Kalibre .45**).

—At nakopo rin ng Sampaguita ang apat na karangalan ukol sa pinakamahuhusay na artista! (Ang tinutukoy ay sina Paraluman, Van de Leon, Eddie Garcia at Etang Discher).

—Ang lalong kahinahinala ay ang pagkakahalal na naman kay Tony Maiquez sa ikaapat na pagkakataon! (Si Tony Maiquez ay muling napili bilang pinakamahusay na kompositor ng musikang pampelikula).

—Nakapagdududa naman ang mga pangyayaring iyan! Siguro'y may kinikilingan, tinatangkilik at binabata ang maraming miyembro ng FAMAS!

Sa narinig namin iyan, ito ang masasabi namin: Dahil sa kinalabasan ng pamimili ng FAMAS sa taong ito, lalong napatunayan na walang kinikilingan at "fair", ang wika nga, sa paghatol ang mga miyembro ng akademyang ito. Hindi natatangay lamang ng "himas" o nagnanais na "maganda" lamang sa mga kinauukulan sa oras ng pagboto. Sapagka't kung may kinikilingan, hindi na ihahalal si G. Maiquez. Sapat na ang tatlong taong pagbibigay-kasiyahan sa taong ito, at wala nang masasabi iba man ang binigyan ng gantimpala. Ang Sampaguita ay gayundin. Kahit na isa o dalawa lamang ang piliin sa estudyong ito, ay wala na rin marahil masasabi. Sapagka't ang gayo'y isa nang pagtangkilik, kung ganyan ang nais sabihin. At lalo pang mapapabuti o "gaganda" ang FAMAS sa lahat ng estudyo kung sasadyaing paghati-hatiin ang ibibigay na karangalan at hindi sa ilan lamang. Gayundin sa pelikulang nagtamo ng maraming gantimpala sa iba-ibang kategoriya — ang **Kalibre .45**. Dalawa lamang o isa ang ibigay na gantimpala rito ay sapat na. Masasabing isa na ring pagtangkilik. Nguni't bakit nga nagkagayon?

Iyan ay isang katunayan lamang sa sadyang ang ginawang paghatol ng FAMAS ay "parehas", walang kinikilingan at naaayon lamang sa matapat na opinyon at pagpapasiya. At kung nalikom man halos ng binanggit na tao, estudyo at pelikula ang maraming gantimpala, ay ano ang kanilang magagawa. Iyan ang kanilang naging hatol... at sabihin na ang ibig sabihin, magalit na ang magagalit, maghinanakit na ang may ibig — humatol sila nang ayon sa kanilang paniniwala, tapos!

Kailangan pa kayang ulitin ang ganyang paliwanag sa ibang taong nagkakaroon ng maling akala?

—oOo—

Ang bituin ng Kabisayaan na si Caridad Sanchez ay nasa bakuran ngayon ng LVN Pictures. Nakatakda siyang gumanap ng mahalagang papel sa **Malvarosa** na pinamamahalaan ni Direktor Yoyong Fernandez.

Ayon sa mga taga-LVN, si Caridad ay may magandang hinaharap sa daigdig ng pelikulang tagalog. Hindi lamang dahil sa anim na taon na niyang karanasan sa paglabas sa mga pelikulang Bisaya kundi dahil pa rin sa angkin niyang kagandahan at sa katatasan niyang magsalita ng Wikang Pambansa.

—oOo—


Tila sinusuwerte si "Ate Barbara" (Barbara Perez) sa mga araw na ito. Bukod sa sunud-sunod niyang pagtatagum-



Kay-sisigla nina Leroy Salvador at Nida Blanca nang makunan ng larawang ito sa isang "location shooting" ng ginagawa nilang pelikula, ang "TULOY ANG LIGAYA" ng LVN.



Malungkot na tagpo sa "ZORINA" ng Champion Pictures na itatanghal sa dulaang Center simula sa ika-22 ng Abril. Itinatampok: Pol Salcedo, Aida Cariño at Mona Fernandez.



Larawang kuha ng SALANGA, Malabon

*Greg Martin ng Sampaguita*